Republika ng Pilipinas

Kagawaran ng Edukasyon

REHIYON XI

**SANGAY NG DAVAO DE ORO**

# IKATLONG MARKAHANG PAGSUSULIT SA EPP 5
## Family and Consumer Science (FCS)
## SY 2025-2026
## TALAAN NG ESPISIPIKASYON

| Learning Competency | Item Placement | No. of Items | Percentage of Items | COGNITIVE PROCESS DIMENTIONS | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | Remembering | Understanding | Applying | Analyzing | Evaluating | Creating |
| 1. natatalakay ang kahalagahan ng pananahi | 1-3 | 3 | 7.5% | 1,2 | 3 | | | | |
| 2. nakikilala ang iba't ibang kagamitan sa pananahi | 4-5 | 2 | 5% | 4 | 5 | | | | |
| 3. naisasagawa ang mga basic hand stitch nang may pag-iingat | 6-7 | 2 | 5% | 6 | 7 | | | | |
| 4. natutukoy ang mga payak na sira ng kasuotan | 8-9 | 2 | 5% | 8 | 9 | | | | |
| 5. naisasagawa ang angkop na pagkukumpuni ng mga simpleng sira ng kasuotan gamit ang basic hand stitch nang may pag-iingat | 10-12 | 3 | 7.5% | | 10 | 11,12 | | | |
| 6. natutukoy ang mga bahagi ng makina at wastong gamit nito | 13-15 | 3 | 7.5% | 13,14 | 15 | | | | |
| 7. natutukoy ang mga materyales sa pagbuo ng mga kagamitang pambahay | 16-19 | 4 | 10% | 16 | 17,18 | 19 | | | |
| 8. natatalakay ang mga solusyon sa mga karaniwang suliraning nararanasan sa pananahi gamit ang makina | 20-23 | 4 | 10% | | 20,21 | 22 | 23 | | |
| 9. nasusunod ang mga hakbang sa paggamit ng makina | 24-26 | 3 | 7.5% | | | 24,25 | 26 | | |
| 10. nakagagawa ng simpleng kagamitang pambahay gamit ang makina nang may pag-iingat | 27-28 | 2 | 5% | | | 27,28 | | | |
| 11. natutukoy ang mga kagamitan sa embroidery stitches | 29-30 | 2 | 5% | | | | 29,30 | | |
| 12. nasusunod ang mga wastong pamamaraan ng pagbuo ng embroidery stitches | 31-32 | 2 | 5% | | | 31,32 | | | |
| 13. natutukoy ang mga kagamitan sa crochet stitches | 33-35 | 3 | 7.5% | | | | 33,34 | 35 | |
| 14. nakagagawa ng crochet stitches | 36-37 | 2 | 5% | | | | | 36 | 37 |
| 15. naisasagawa ang pagbebenta ng kagamitang pambahay | 38-40 | 3 | 7.5% | | | | | 38,39 | 40 |
| TOTAL | | 40 | 100% | 8 | 10 | 10 | 6 | 4 | 2 |

# IKATLONG MARKAHANG PAGSUSULIT SA EPP 5

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON XI
**SANGAY NG DAVAO DE ORO**

---

**Family and Consumer Science (FCS)**
**SY 2025-2026**

Pangalan:________________________Baitang & Pangkat:____________________Iskor:___________

**Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong at piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.**

1. Ano ang pangunahing layunin ng pananahi?
   A. Upang gumastos ng maraming pera
   B. Upang palamutian lamang ang tela
   C. Upang ipakita ang uso sa pananamit
   D. Upang makagawa at makapag-ayos ng kasuotan at iba pang gamit

2. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kahalagahan ng pananahi?
   A. Nakakatulong ito sa pagtitipid ng pamilya
   B. Nagdudulot ito ng labis na gastos sa pamilya
   C. Nakapagpapaunlad ito ng kasanayan ng mag-aaral
   D. Nagbibigay ito ng kaalaman sa pag-aayos ng sirang damit

3. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng pag-unawa sa kahalagahan ng pananahi?
   A. Itinatapon ang punit na damit
   B. Ipinamimigay ang lahat ng sirang damit
   C. Inaayos ang napunit na laylayan upang magamit muli
   D. Binibili agad ang bagong uniporme kahit maliit lang ang sira

4. Alin sa mga sumusunod ang ginagamit sa paggupit ng tela?
   A. Aspili  B. Sinulid  C. Gunting  D. Karayom

5. Bakit mahalagang gumamit ng didal sa pananahi?
   A. Upang palakihin ang tahi
   B. Upang mapabilis ang pagtahi
   C. Upang maging maganda ang kulay ng sinulid
   D. Upang maprotektahan ang daliri laban sa tusok ng karayom

6. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng basic hand stitch?
   A. Cross stitch  B. Chain stitch  C. Running stitch  D. Embroidery stitch

7. Bakit mahalagang mag-ingat sa paggawa ng basic hand stitch?
   A. Upang mas lumaki ang tahi
   B. Upang mabilis matapos ang gawain
   C. Upang gumanda ang kulay ng sinulid
   D. Upang maiwasan ang pagkasira ng tela at pagkatusok ng daliri

8. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng payak na sira ng kasuotan?
   A. Bagong tahi
   B. Napunit na laylayan
   C. Disenyong may burda
   D. Kupas na kulay ng tela

9. Bakit mahalagang matukoy agad ang payak na sira ng kasuotan?
   A. Upang masundan ang uso
   B. Upang agad itong maitapon

C. Upang bumili ng bagong damit
D. Upang maiwasan ang paglala ng sira at agad na maayos

10. Bakit mahalagang gumamit ng angkop na basic hand stitch sa pagkukumpuni ng simpleng sira ng kasuotan?
A. Upang maging makapal ang tela
B. Upang maging mabilis ang pagtahi
C. Upang magamit ang maraming sinulid
D. Upang maging matibay at maayos ang pagkukumpuni

11. Kung may natanggal na pindutan ang uniporme, alin ang tamang paraan ng pagkukumpuni?
A. Itapon ang damit
B. Idikit ang pindutan
C. Putulin ang bahagi ng damit
D. Tahiin muli ang pindutan gamit ang basic hand stitch

12. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng wastong pag-iingat sa pagkukumpuni ng simpleng sira ng kasuotan?
A. Pagtahi kahit basa ang kamay
B. Pagtahi nang nagmamadali at walang ilaw
C. Paggamit ng didal at maingat na pagtusok ng karayom
D. Paglalagay ng karayom sa bibig habang nagpapahinga

13. Alin sa mga sumusunod ang bahagi ng makinang panahi na humahawak sa sinulid sa itaas?
A. Spool pin B. Feed dog C. Presser foot D. Bobbin case

14. Anong bahagi ng makinang panahi ang humahawak at gumagalaw pababa at paitaas upang makabuo ng tahi?
A. Bobbin B. Needle C. Presser foot D. Hand wheel

15. Bakit mahalaga ang presser foot sa paggamit ng makinang panahi?
A. Upang putulin ang sinulid
B. Upang palamutian ang tela
C. Upang maglagay ng sinulid
D. Upang hawakan nang maayos ang tela habang tinatahi

16. Alin sa mga sumusunod na materyales ang karaniwang ginagamit sa paggawa ng walis tingting?
A. Plastik B. Metal C. Tingting D. Salamin

17. Bakit metal ang karaniwang ginagamit sa paggawa ng kawali at kaldero?
A. Dahil mura ito
B. Dahil magaan ito
C. Dahil madaling masira
D. Dahil matibay at kayang tiisin ang init

18. Bakit ang kahoy ay angkop na materyal sa paggawa ng sandok?
A. Dahil mabigat ito
B. Dahil madaling matunaw
C. Dahil madaling mabasag
D. Dahil hindi ito umiinit agad

19. Kung gagawa ka ng basahan sa bahay, alin sa mga sumusunod na materyales ang angkop gamitin?
A. Kahoy B. Metal C. Salamin D. Lumang damit o tela

20. Ano ang dapat gawin kapag napuputol palagi ang sinulid habang nananahi gamit ang makina?
A. Palitan ang tela
B. Bilisan ang pagpapatakbo ng makina
C. Itigil ang pananahi at itapon ang sinulid
D. Suriin ang tamang pagkakalagay at tension ng sinulid

21. Ano ang posibleng sanhi kapag hindi gumagalaw ang tela habang tinatahi?
A. Sira ang ilaw
B. Basa ang tela
C. Mali ang kulay ng sinulid
D. Nakaangat ang presser foot

22. Kung bumubuo ng buhol-buhol ang sinulid sa ilalim ng tela, ano ang unang dapat gawin?
A. Palitan ang tela
B. Putulin ang sinulid
C. Dagdagan ang bilis ng makina
D. Ayusin ang pagkakalagay ng bobbin

23. Kung maingay at hirap umandar ang makina habang ginagamit, ano ang dapat suriin?
A. Uri ng sinulid
B. Kulay ng tela
C. Haba ng tahi
D. Langis at kalinisan ng makina

24. Ano ang unang hakbang bago simulan ang pagtahi gamit ang makina?
A. Pindutin ang pedal nang mabilis
B. Palitan ang karayom kahit hindi kailangan
C. Ilagay ang tela at simulan agad ang pagtahi
D. Suriin ang makina at ilagay ang sinulid sa tamang posisyon

25. Ano ang tamang hakbang kapag natigil ang makina habang ginagamit?
A. Itapon ang tela
B. Dagdagan ang bilis ng pedal
C. Pilitin itong patakbuhin nang mabilis
D. Patayin ang makina at suriin ang sanhi ng paghinto

26. Paano mo malalaman kung maayos ang pagkakasunod-sunod ng paggamit ng makina?
A. Kapag marami kang shortcut
B. Kapag hindi sinusuri ang makina
C. Kapag mabilis ang pagtahi kahit may problema
D. Kapag sumusunod sa lahat ng hakbang mula sa paghahanda hanggang paglilinis

27. Ano ang unang hakbang sa paggawa ng simpleng kagamitang pambahay gamit ang makina?

A. Palitan ang karayom kahit hindi kailangan
B. Ilagay agad ang tela at simulan ang pagtahi
C. Pumili ng angkop na tela at suriin ang makina
D. Patakbuhin agad ang makina sa pinakamabilis na bilis

28. Bakit mahalagang mag-ingat habang ginagamit ang makinang panahi?
A. Upang mas lumakas ang makina
B. Upang gumamit ng maraming sinulid
C. Upang mapabilis ang pagtahi kahit may problema
D. Upang maiwasan ang aksidente at masira ang tela

29. Kung ang layunin ay makagawa ng masining na pattern, aling kagamitan ang pinakamahalaga?
A. Karton B. Martilyo C. Tape measure D. Embroidery hoop

30. Paano mo masusuri kung ang karayom na ginamit ay angkop sa embroidery?
A. Suriin ang laki ng hoop
B. Suriin ang kulay ng sinulid
C. Suriin ang laki ng gunting
D. Suriin ang kapal ng sinulid at tela

31. Paano mo malalaman kung pantay ang tahi sa embroidery project?
A. Huwag tingnan ang resulta
B. Gamitin anumang karayom
C. Patakbuhin agad ang makina
D. Suriin ang haba at pagitan ng mga tahi

32. Ano ang unang hakbang sa paggawa ng embroidery stitches nang maayos?
A. Palitan ang tela kahit hindi sira
B. Dagdagan ang bilis ng makina
C. Simulan agad ang pagtahi sa tela
D. I-check ang karayom, sinulid, at hoop

33. Paano mo masusuri kung tama ang laki ng crochet hook para sa sinulid?
A. Hulaan lamang
B. Gamitin anumang hook
C. Tingnan ang number o label sa hook
D. Palitan ang hook tuwing may proyekto

34. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng tamang pag-aanalisa sa paggawa ng crochet?
A. Huwag suriin ang pattern
B. Gamitin anumang hook kahit mali ang laki
C. Suriin ang hook, sinulid at pattern bago simulan
B. Simulan agad kahit wala sa tamang kagamitan

35. Paano mo mae-evaluate ang kalidad ng crochet stitches?
A. Gamitin maling hook
B. Huwag tingnan ang tahi
C. Itapon ang proyekto kung may mali

D. Suriin kung pantay, malinis at maayos ang pattern

36. Ano ang tamang paraan upang suriin ang kalidad ng crochet stitches?
    A. Gamitin maling hook
    B. Huwag tingnan ang tahi
    C. Itapon ang proyekto kung may mali
    D. Evaluate kung pantay at maayos ang pattern

37. Kung gusto mong gumawa ng bagong disenyo sa crochet, ano ang dapat gawin?
    A. Itapon ang proyekto
    B. Huwag baguhin ang pattern
    C. Gumamit lang ng existing pattern
    D. Gumawa ng sariling pattern gamit ang creativity at technique

38. Paano mo matutukoy ang matagumpay na pagbebenta ng kagamitang pambahay?
    A. Kapag walang customer
    B. Kapag mababa ang presyo
    C. Kapag marami lang ang produkto sa tindahan
    D.Kapag mataas ang benta at positibo ang feedback

39. Ano ang dapat suriin upang mapabuti ang susunod na pagbebenta ng produkto?
    A. Iwanan ang tindahan
    B. Huwag pansinin ang benta
    C. Palitan ang produkto nang walang suriin
    D. Market demand, presyo, at kalidad ng produkto

40. Paano mo maipapakita ang creativity sa pagbebenta ng mga kagamitang pambahay?
    A. Iwanan ang tindahan
    B. Huwag pansinin ang feedback
    C. Gamitin lamang ang karaniwang display
    D. Gumawa ng promotional materials at unique selling points

**IKATLONG MARKAHANG PAGSUSULIT SA EPP 5**
**Family and Consumer Science (FCS)**
**SY 2025-2026**

## ANSWER KEY

| | | | |
|---|---|---|---|
| **1. D** | **11. D** | **21. D** | **31. D** |
| **2. B** | **12. C** | **22. D** | **32. D** |
| **3. C** | **13. A** | **23. D** | **33. C** |
| **4. C** | **14. B** | **24. D** | **34. C** |
| **5. D** | **15. D** | **25. D** | **35. D** |
| **6. C** | **16. C** | **26. D** | **36. D** |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **7. D** | **17. D** | **27. C** | **37. D** |
| **8. B** | **18. D** | **28. D** | **38. D** |
| **9. D** | **19. D** | **29. D** | **39. D** |
| **10. D** | **20. D** | **30. D** | **40. D** |